

## Programa na pagpapahiram ng pang-matrikula mula sa Prepektura ng Saitama

~ para sa mga mag-aaral ng Saitama na pumapasok sa High school ~

Ang programang ito ay inilunsad ng Prepektura para sa mga mag-aaral na high school sa Saitama. Kapag na-aprubahan ang karapat-dapat na mag-aaral, makakahiram ito ng pang-matrikula mula sa Resona Bank. **Sapagkat ito ay pahiram lamang, kinakailangan na bayaran ito ng mag-aaral pagkatapos nitong mag-aral sa high school.**

### ● Ang mag-aaral ay kailangang pumasa sa mga kondisyon sa ibaba upang maging karapat-dapat:

- ① Kung ito ay naka-enroll sa paaralang high school (maaring sa Prepektura ng Saitama o sa ibang Prepektura)
- ② Ang katiwala (o magulang) ay nakatira sa Prepektura ng Saitama
- ③ Matinong namumuhay, may kaalaman, at dahil sa kahirapan kung kaya hindi makapagpatuloy ng pag-aaral sa high school (Rekomendasyon na sulat mula sa paaralan ay kinakailangan kalakip na ang katibayan na ang natatanggap na sahod na kabuuan ng pamilya ay mababa kaysa sa pamantayan ng gobyerno)

### ● Ang halaga na maaring hiram

Ang mag-aaral ang magpapasiya kung gaano kalaki ang halaga na hihiramin.

Uri ng papasukang high school, atbp.	Halaga ng mahihiram na pera (yen)	
	Buwan-buwan	Ang halaga na babayaran bago pumasok
Pampublikong paaralan(nasyonal, prepektura, munisipalidad)	① 15, 000	① 50, 000
	② 20, 000	② 100, 000
	③ 25, 000	—
Pribadong paaralan	① 20, 000	① 100, 000
	② 30, 000	② 250, 000
	③ 40, 000	—

### ● Panahon ng paghihiram

Isang taon (sa loob ng unang baitang ng high school)

Kinakailangan ng panibagong aplikasyon para manghiram bawat taon kung magpapatuloy sa ikalawa at ikatlong baitang ng high school.

### ● Pagbabayad

Sisimulan ang pagbabayad ng nasabing hiniram na pang-matrikula mula ika-apat na taon at anim na buwan ng pagtatapos ng high school. At ito ay tatapusing bayaran sa loob ng labin-dalawang taon.

Kapag may kasunduan kung papaano babayaran ang nahiram na pang-matrikula sa panahon na ito ay isasagawa, at babayaran ito ayon sa kasunduan, hindi magkakaroon ng tubo ang nahiram na pera.

### ● Kailan puwedeng mag-aply at kung kailan magsimulang matanggap ang pera

	Aplikasyon	Panahon
Habang nasa 3 <sup>rd</sup> yr. junior HS	Nobyembre (ang aplikasyon ay gagawin sa junior HS)	Mula sa Marso ng sumunod na taon o sa mga sumusunod na buwan nito
Pagnakapasok na sa senior HS	Abril (ang aplikasyon ay gagawin sa senior HS)	Mula sa Hunyo ng nasabing taon o sa mga sumusunod na buwan nito

※Ang impormasyon na nakatala dito ay para sa taong 2019 (Reiwa 1) at maaring magbago sa susunod na taon.

Makipag-ugnayan : Kagawaran ng Edukasyon ng Saitama Financial Affairs Division  
 Telepono : 048-830-6652  
 Website : <http://www.pref.saitama.lg.jp/f2204/j-s>